# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 43 BILANG 3 | BASAHIN AT TALAKAYIN | MARSO 2023

EDITORYAL

# Sumalig sa lakas ng masa at ibayong isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay!

Panandang bato sa nagdaang siglo ang kagila-gilalas na paggapi ng maliit at mahinang hukbo ng aping mamamayan ng Vietnam at relatibong malaki pero mahinang hukbo ng China sa pasista't mersenaryong hukbo ng reaksyunaryo't imperyalistang pwersa. Ang pagwawagi ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa mga bansang ito ang nagturo sa wastong landas ng armadong pakikibaka para palayain ang malakolonyal at malapyudal na lipunan. Hawak ang digmang bayan bilang armas ng mamamayan, tigreng papel na tumiklop ang imperyalismo at ang papet nitong hukbo.

Hindi matanggap at paulit-ulit na itinatatwa ng mga monopolyo-kapitalista, reaksyunaryong heneral, maging ng mga "eksperto" sa larangan ng digma ang katotohanang ito. Ang hindi nila nasasapul, bunsod ng kanilang kamangmangan sa batas ng kasaysayan at pagbabago, ay ang higanteng lakas ng masang pinukaw ng labis na kahirapan at pambubusabos ang mapagpasyang pwersa sa likod ng tagumpay ng China at Vietnam. Milyun-milyong mamamayan—kalakhan ay masang magsasaka—ang lumahok sa digmang bayan sa iba't ibang kapasidad. Mula sa pagiging karaniwang mamamayan, sila'y nangahas at nagsanay hanggang naging mahuhusay na kawal ng Pulang hukbo, milisyang bayan, opisyal sa medikal, lohistika at iba pa. Puu-puong pamayanan ang kumilos para itaguyod ang Hukbo—manu-manong naghuhukay ng trensera, nagpapatag ng daanan ng mga kagamitan at sasakyang pandigma, nag-aasikaso sa mga sugatan at nag-aambag para pakainin ang mga Pulang mandirigma. Sa mamamayan din nagmula ang paniktik na batayan ng mga maniobra at aksyong militar ng hukbong bayan. Walang takot ang mamamayan na nakikisalamuha sa pasistang kaaway makakuha lamang ng impormasyon. Handa silang isangkalan ang sarili—sukdulang magbuwis ng buhay—sa pagtupad ng kanilang tungkulin sa pakikidigma.

Sa gabay ng kani-kaniyang partido komunista, nakamit ng mamamayang Vietnamese at Chinese ang kahanga-hangang tagumpay na patalsikin ang ilang imperyalistang kapangyarihan mula sa kanilang bakuran. Tunay ngang ang kadakilaan at kabayanihan ng mamamayan ay higit na mabisa kaysa anumang armas o pakana ng kaaway.



# KALATAS

Marso 2023
TOMO 43 BILANG 3


NILALAMAN


1 Sumalig sa lakas ng masa at ibayong isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay!

3 Panayam kay Armando Cienfuego: Tungkulin ng BHB sa gitna ng tumitinding krisis at mapanghamong panahon

6 Pagkakapit-bisig ng mga babaeng manggagawa

7 Tugon ni PdG: Ano ang papel ng NDFP sa pambansa-demokratikong rebolusyon?

9 Bantay Karapatan: Panggigipit sa mga lider-masa sa Rizal

10 Kilos Protesta: Pagkilos sa ikalawang taon ng Bloody Sunday Massacre

11 Ka Joma Lives: Si Ka Joma at ang armadong pakikibaka

12 Balitang TO: Mga aksyong militar ngayong Marso

12 Pahayag ng NDFP-ST hinggil sa tigil pasada

12 Kultura: Paanyayang sumapi sa BHB



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


Ang katulad na diwa ang mahigpit na tinatanganan ng mamamayang Pilipino sa 54 taong pagsusulong ng armadong pakikibaka sa pamamagitan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang BHB ang kasalukuyang nagbabandila ng armadong rebolusyong sinimulan nina Andres Bonifacio at ipinagpatuloy ng Hukbong Bayan Laban sa Hapon (HUKBALAHAP) at Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB) para makamit ang tunay na kalayaan ng bansa mula sa kuko ng dayuhang mananakop. Itinayo ng Partido Komunista ng Pilipinas ang BHB noong Marso 29, 1969 upang maging sandata ng sambayanan sa paglaban sa imperyalismo at pagdurog sa reaksyunaryong estado. Nagsimula lamang ito sa 60 lakas-tauhan at siyam na matataas na kalibreng armas sa isang probinsya sa Gitnang Luzon, subalit dahil sa dinadalang wastong linya ay nagawang dumami tungong libu-libong Pulang mandirigma at umabot sa 110 larangang gerilya sa buong kapuluan.

Nilampasan at binigo ng BHB ang lahat ng mga kontra-rebolusyonaryong oplan ng mga papet na rehimen mula panahon ng diktador na si Marcos Sr. hanggang sa tiranikong pangulong si Rodrigo Duterte. Ngayong kaharap ang ilehitimong rehimen sa ilalim ng isa na namang Marcos, nagpupunyagi ang BHB at pukpukang nakikipaglaban upang ipagtanggol ang bayan at patuloy na isulong ang mga rebolusyonaryong gawain. Taas-kamaong pinagpupugayan ng mamamayan ang lahat ng mga kasapi at opisyal ng BHB na nagbuwis ng buhay alang-alang sa digmang bayan.

Tulad ng nangyari sa China at Vietnam, darating ang araw na mangingibabaw ang BHB sa AFP-PNP. Anuman ang pagdaanan at gaano man katagal ang abutin, tiyak tayong makakamit ng rebolusyong Pilipino ang layunin nitong itatag ang isang tunay na malaya't demokratikong Pilipinas. Hahantong sa tagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan na pinangungunahan ng PKP-BHB-NDFP sapagkat ito ang tangi at wastong solusyon sa tatlong salot na imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang mga kabiguang dadanasin ng rebolusyonaryong kilusan ay pansamantala lamang at pasakalye sa tinatanaw nating maaliwalas na kinabukasan. Dapat itong isapuso ng lahat ng rebolusyonaryo lalo ng mga Pulang mandirigma ng BHB upang humigpit ang kanilang hawak sa sandata at buong kumpyansa nilang harapin at labanan ang teroristang pang-aatake ng kaaway.

Ang tiwala natin sa katumpakan ng digmang bayan ay nakabatay sa ating pagsusuri sa lipunang Pilipino at pag-unawa sa saligang batas ng pagbabago nito. Pinasisidhi ng bumibilis na pagka-agnas ng pandaigdigang sistemang kapitalista ang kronikong krisis ng mga malakolonyal at malapyudal na lipunan tulad ng Pilipinas. Lalong nagiging mas ganid at malupit ang mga nang-aaping uri, kaya't lalo ring namumuhi sa kanila ang sambayanan. Ang kumukulong sitwasyon ang nagtutulak sa mas maraming mamamayan na sumalig sa rebolusyon para wakasan ang kanilang kaapihan. Ang nakamit na paglawak at pagsulong ng BHB sa loob ng 54 taon at ang pagkakatayo ng 110 larangang gerilya sa iba't ibang panig ng bansa ang patunay nito.

Nakataga na sa bato ang katiyakan ng tagumpay ng matagalang digmang bayan, ngunit hindi ito magkakatotoo nang walang rebolusyonaryong pagkilos ng mamamayan. Kailangang pukawin, organisahin at palahukin ang pinakamalaking bilang ng masang Pilipino para sa armadong rebolusyon. Dapat paalingawngawin ang sigaw ng digmang bayan sa buong bansa nang manginig ang mga kaaway ng bayan sa sentrong luklukan ng reaksyunaryong kapangyarihan.

Mayaman ang baul ng aral ng rebolusyong Pilipino kung paano aabutin at imomobilisa ang mas malawak na hanay ng mamamayan para sa digmang bayan. Sa panahong nag-uumpisa pa lamang ang

BHB ay ipinamalas nito ang ibayong kasigasigan at katapangan sa paglaban at pagbubuo ng mga base ng Pulang kapangyarihan. Hitik ang mga larangang gerilya sa mga kwento ng mapangahas na mga operasyong militar na nagsamsam ng maraming armas mula sa Philippine Constabulary, INP at CHDF.

Naging kapital ng mga baguhang mandirigma at kumander ng Pulang hukbo ang marubdob na galit ng masa sa diktadurang US-Marcos sa pagpapalawak ng base at pagpukaw sa masang anakpawis sa kanayunan para lumahok sa digmang bayan. Sa Timog Luzon, naging alamat ang pag-aabang ng mga magsasaka sa mga paisa-isang sundalong naglalasing sa baryo para kuhaan ang mga ito ng baril. Sa pagpapatupad ng BHB sa linyang masa at pagputok ng mga pakikibaka at kampanya sa rebolusyong agraryo, nahinang ang napakahigpit na ugnayan ng masa at Pulang hukbo. Kaya naman iniaalay nila ang pinakamabubuti nilang anak sa BHB.

Dapat balik-aralan na ang malalaking hakbang pasulong ng BHB sa buong kasaysayan nito ay nakaugnay sa paglakas ng kilusang masa sa kalunsuran. Marami sa mga manggagawa at kabataang estudyante na namulat sa mga pagawaan at eskwelahan ang nagpasyang tumungo sa kanayunan at sumapi sa BHB bilang pagtalima sa linya ng digmang bayan na kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan. Itinayo ang mga lihim na ugnayan sa pagitan ng mga sonang gerilya at mga bayan na nagtiyak sa pagdaloy ng suporta at lakas-tauhan para sa Hukbo. Naging inspirasyon ng mga kumikilos sa kanayunan ang sumusulong na pakikibaka sa kalunsuran. Ininda ng diktadurang US-Marcos at mga sumunod na rehimen ang mga bigwas sa pulitika at militar na naging resulta ng lahatang-panig na paglaban ng bayan.

Sa kasalukuyang yugto ng digmang bayan, hamon sa BHB na organisahin at gamitin ang natipon nitong lakas para bigwasan ang kaaway. Pursigido at buong kapasyahang ilunsad ang mga taktikal na opensiba—igpawan ang lahat ng balakid!—upang parusahan ang mga palalong kaaway at uk-ukin ang kapasyahan nilang lumaban. Tanging sa pamamagitan ng paglaban mapapupurol natin ang talim at tindi ng pang-aatake ng kaaway sa rebolusyonaryong kilusan at baseng masa.

Kasabay nito, patuloy na magpalawak at magpalalim ng baseng masa na lalanguyan ng mga pwersang gerilya. Mapangahas at walang pagod na bawiin at ipagtanggol ang mga base na winasak ng AFP-PNP. Turukin ang interes ng masang Pilipino at sapulin ang ispesipikong kahilingan ng mga uri't sektor ng lipunan upang organisahin at pakilusin ang pinakamaraming bilang ng mamamayan. Isagawa ito sa diwa ng hamon ni Ho Chi Minh sa mamamayang Vietnamese—lahat ng may kakayahan ay dapat pumulot at humawak ng sandata at lumaban para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Dapat mahigpit na tanganan ng lahat ng nagsusulong ng armadong pakikibaka ang Maoistang prinsipyo ng linyang masa: ang masa at ang masa lamang ang tagapaglikha ng kasaysayan. Sa pagsalig sa higanteng lakas ng masa, susulong ang digmang bayan sa panibago't mas mataas na antas hanggang makamit ang tagumpay. K

*PANGUNAHING LATHALAIN*

### *Panayam kay Armando Cienfuego*

# Tungkulin ng BHB sa gitna ng tumitinding krisis at mapanghamong panahon

Limampu't apat na taon nang nagsusulong ng armadong paglaban ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Mula sa maliit, nakapagpalakas ito at lumawak hanggang sa masaklaw ang buong bayan.

Mahigpit ang tungkulin ng rebolusyonaryong armadong pwersa sa gitna ng umiigting na anti-komunistang gerang isinusulong ng reaksyunaryong estado na pinangungunahan ngayon ng ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte. Narito si **Armando Cienfuego (AC)**, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB TK para talakayin ang kasalukuyang hamon sa BHB.

**Kalatas (K):** Nais malaman ng buong sambayanan ang kasalukuyang estado ng ating isinusulong na demokratikong rebolusyong bayan (DRB) sa gitna ng itim na propagandang inihahasik ng AFP-PNP na "humihina na ang PKP-BHB-NDFP".

**AC:** Maalab na rebolusyonaryong pagbati sa lahat ng mamamayang lumalaban sa imperyalismo at pasistang reaksyon!

Ayon sa Komite Sentral, sa nakaraang 54 taon, naitayo na ang libu-libong mga komite at sangay ng Partido sa 14 na rehiyon sa higit 70 probinsya, daan-daang munisipalidad, distrito at libu-libong mga barangay. Naitayo ito kapwa sa kanayunan at kalunsuran bagamat ang malaking bulto ay nasa kanayunan. Sa mga ito, umabot sa 110 ang naitayong larangang gerilya.

Natural sa isang digmaan ang dumanas ng pinsala lalo na sa papasahol na paninibasib ng rehimeng Duterte na ipinagpapatuloy ngayon ni Marcos Jr. Ngunit bigo ang kaaway na lipulin ang BHB!

Nasa proseso tayo ng ibayong pagpaparami at pagpapalakas ng mga larangang gerilya sa gitna ng gitgitang pakikipaglaban sa kaaway.

Sa TK, nakatayo ang mga Komite ng Partido at mga larangang gerilya sa estratehikong mga probinsya at bayan. Sapat ang lakas natin upang maging puhunan sa ibayong pagbawi at pagsulong sa hinaharap.

**K:** Ano ang kasalukuyang yugto ng armadong pakikibaka at ano ang tungkulin ng mga Pulang kumander at mandirigma sa yugtong ito?

**AC:** Kasalukuyang nasa yugto ng estratehikong depensiba ang ating matagalang digmang bayan (MDB). Ang MDB ang wastong estratehiya para sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, at sa maliit at mahina pang hukbong bayan na lumalaban sa mas malakas na reaksyunaryong hukbo na suportado ng imperyalismong US. Ikinukumbina ang tatlong sangkap ng digmang bayan na armadong pakikibaka, pagsusulong ng rebolusyong agraryo at pagpapatatag ng baseng bukid.

Sagradong tungkulin ng BHB na isulong ang armadong pakikibaka, bilang sandatahang pwersa ng Partido at mamamayan, upang ibagsak at wakasan ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Bilang mga pwersang gerilya, ang tungkulin ng BHB sa panahon ng depensibang yugto ay magpreserba ng pwersa habang hakbang-hakbang na nagpaparami at nagpapalakas.

Subalit hindi ibig sabihin na sa pagpepreserba ng lakas ay hindi na lalaban ang BHB. Kung tutuusin, tanging sa paglaban at paglaban lamang mabibigo ang kaaway at lalakas ang Hukbong Bayan. Tungkulin ng BHB na maglunsad ng taktikal na opensiba (TO) upang bigwasan ang pasistang pwersa ng estado at sumamsam ng maraming armas nang sa gayo'y madagdagan ang arsenal ng BHB.

Sa tuluy-tuloy na paglulunsad ng TO, tataas ang kakayanan sa taktika at teknika sa paglaban ng BHB. Higit na mabubuo ang kumpyansa ng mga Pulang kumander at mandirigma at tiwala ng masang Pilipino sa kanilang tunay na Hukbo.

**K:** Ano ang kahalagahan ng paglahok ng masa sa digmang bayan?

**AC:** Upang tubusin ang sarili, walang ibang mapagpipiliang landas ang masang Pilipino kundi maglunsad ng armadong paglaban at lumahok sa digmang bayan. Ito lamang ang magpapabagsak sa imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo na sanhi ng grabeng kahirapan, pagkabusabos, pagsasamantala at kaapihan ng mamamayang Pilipino.

Ang masa ang birtud ng di magagaping BHB. Susi ang papel ng masa sa digmang bayan. Ang kanilang paglahok sa rebolusyon ang nagtitiyak ng tagumpay nito. Ang malawak at malalim na baseng masa ang makapal na gubat na mahalagang salik sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya. Ang makitid na tereyn ay nagiging malawak basta't naririyan ang mamamayan. Kung kaya't kailangang gawin ng Partido at BHB ang buong makakaya upang panatilihin ang mahusay na ugnayan nito sa masa at anihin ang kanilang suporta.

**K:** Bakit hindi kailanman magwawagi ang anumang kampanyang supresyon at mga oplan na binalangkas ng reaksyunaryong estado?

**AC:** Ang digmang inilulunsad ng reaksyunaryong estadong kontrolado ng US ay di makatarungan kaya hindi ito magwawagi. Sa saligan ito ay anti-mamamayan at anti-demokratiko at nagtataguyod sa interes ng mga naghaharing uring lokal at dayuhan, para ipreserba ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Taliwas dito ang demokratikong rebolusyong bayang inilulunsad ng PKP, BHB at rebolusyonaryong mamamayang Pilipino na naglalayong ibagsak ang interes ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo. Isang makatarungang digma ng mamamayan para sa mamamayan na patuloy na umaani ng popular na suporta.

Ibinasura sa kasaysayan ang mga kampanyang supresyon na Oplan Prophylaxis, Task Force Lawin (Tarlac), Oplan Saranay (Isabela), Oplan Cadena de Amor (TK) at Oplan Katatagan ng diktadurang US-Marcos; ang Oplan Lambat Bitag I at



II at ang Oplan Thunderbolt (Negros Island) sa ilalim ng rehimeng US-Aquino I; ang Oplan Lambat Bitag III at IV ng noo'y rehimeng US-Ramos; ang Oplan Gordian Knot at Oplan Makabayan ng rehimeng US-Estrada; ang Oplan Habol Tamaraw (Mindoro), Oplan Bantay Laya I at II sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo; Oplan Bayanihan sa ilalim ng rehimeng US-Aquino; at ang Oplan Kapayapaan at JCP Kapanatagan mula sa tiranikong rehimeng US-Duterte hanggang sa kasalukuyang rehimeng US-Marcos-Duterte.

Kaakibat ng mga oplang ito ang mga operasyong saywar, intelidyens at kombat, upang pahinain ang diwang lumaban ng BHB, wasakin ang baseng masa at ihiwalay ang mamamayan sa Hukbo nito. Nais ng AFP-PNP na ilagay ang BHB sa sitwasyong lantay militar para samantalahin ang superyoridad nito sa lakas-tauhan at sandata. Dinudumog ng mga pwersa ng AFP-PNP ang isa o ilang larangang gerilya ng BHB sa isang panahon. Subalit hindi nito kayang dipahan ang lahat ng mga eryang saklaw o pinaghihinalaan nitong saklaw ng BHB kaya't may maiiwang bakante na mas malalawak na erya kung saan maaaring lumikha ng mga inisyatiba ang Pulang hukbo para sa mga pakikibakang pampulitika at pangmilitar.

Sa TK, nakakapagpreserba ng lakas at patuloy na sumusulong ang PKP-BHB-NDFP dahil sa malawak at malalim na suporta ng mamamayan dito, lalo na ng masang magsasaka at manggagawa. Tinatamasa nila ang tagumpay ng rebolusyong agraryo na pinuhunanan ng pawis at dugo ng BHB at mamamayan. Ito ang dahilan kung bakit walang maliw ang suporta ng mamamayan sa PKP at BHB dito sa kanayunan.

Katunayan, ang kasalukuyang mukha ng pasista-teroristang estado ni Marcos-Duterte ay desperasyon dahil paulit-ulit na binibigo ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ang kanilang imbing pangarap na durugin ang PKP-BHB-NDFP.

> ***" Ang masa ang birtud ng di magagaping BHB... Ang malawak at malalim na baseng masa ang makapal na gubat na mahalagang salik sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya. Ang makitid na tereyn ay nagiging malawak basta't naririyan ang mamamayan. "***

**K:** Ano ang tungkulin ng BHB sa gitna ng umiigting na inter-imperyalistang agresyon ng US at China?

**AC:** Ang pag-igting ng inter-imperyalistang agresyon at napipintong digma sa pagitan ng US at China alinman ng digmang *proxy* gamit ang Taiwan at Pilipinas o inter-imperyalistang digma ay palatandaan ng grabeng pagtindi ng krisis. Napapanahon ang puspusang pakikibaka para labanan ang imperyalistang agresyon ng US sa Asia Pacific.

Itinuturo ng dakilang gurong si Lenin ang rebolusyonaryong tungkulin ng lahat ng uring inaapi sa panahong ito—na buong giting na labanan ang pagputok ng digmaan ngunit kung hindi kakayaning pigilan, nararapat na samantalahin ang digmaan sa pagitan ng mga imperyalista, paigtingin ang digmang sibil laban sa mga naghaharing reaksyon at imperyalismo at ipagtagumpay ang rebolusyon. Pinatunayan ito ng matagumpay na pagkakatatag ng kauna-unahang sosyalistang estado, ang Russia at sinundan ng iba pang mga bansa.

Dapat na tapatan ang dayuhang agresyon ng papalawak at papalakas na digmang bayan sa layuning makaalpas sa pagiging malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino. Dapat puspusang ilunsad ng BHB kasama ang iba pang rebolusyonaryong pwersa ang malawakang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa pinakamalaking hanay ng mamamayan laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon. Dapat pakilusin sila sa digmang bayan.

Dapat na ilantad at targetin ng mga aksyong militar ang mga itinayo at bagong itatayong base militar ng US sa bansa na siyang tuwirang taga-utos at katuwang ng papet na AFP-PNP sa mga operasyong militar laban sa BHB at masa sa mga larangang gerilya. Kabilang dito ang nasa Ulugan Bay at tinukoy na lokasyon ng bagong base na Balabac Island sa Palawan, habang may mga ulat ng presensya ng pwersa ng US sa Lubang Island, Occidental Mindoro. Ginagamit ding pasilidad ng US ang mga kampo-militar na Antonio Bautista Air Base sa Palawan, Sangley Point sa Cavite, San Fernando Air Base sa Batangas at iba pa. Kailangang labanan ang mga pagsasanay-militar ng US gaya ng Balikatan 2023 na nagpapasok ng 12,000 tropang Amerikano sa Pilipinas.

Kaakibat nito, dapat tuklasin ang kahinaan ng mga makabagong armas ng US na iwinawasiwas ng AFP-PNP. Ipawalang-saysay ang mga ito sa pamamagitan ng mga tamang taktika at teknika at sa magkasamang paglaban ng BHB at mamamayan.

Makakaasa ang mamamayang Pilipino sa BHB na lalabanan nito ang imperyalistang agresyon ng US at panghihimasok ng China. Ipagtatanggol nito ang mamamayang Pilipino at ipaglalaban ang kasarinlan ng Pilipinas. Kailangan itong sabayan ng kabi-kabilang anti-imperyalistang pakikibaka sa lahat ng larangan upang ipakita ang pagkamuhi ng sambayanang Pilipino sa imperyalismong US. Dapat palahukin ang lahat ng makabayang Pilipino sa digmang bayan upang makamit ang tunay na kalayaan. K

# Pagkakapit-bisig ng mga babaeng manggagawa

Mababang sahod, kulang sa benepisyo, kawalan ng kaseguruhan sa trabaho — ito ang realidad ng buhay ng manggagawang Pilipino sa araw-araw. Ngunit doble pa rito ang dinaranas ng kababaihang manggagawa dahil pinagsasamantalahan sila hindi lamang bilang uring manggagawa kundi dagdag pa bilang babae.




Ang kababaihang manggagawa ay bumubuo sa 38.73% ng pwersang paggawa sa sektor ng industriya sa Pilipinas (datos noong 2021). Sa CALABARZON nakakonsentra ang dumaraming bilang ng mga manggagawa lalo't narito ang tinaguriang *industrial belt* ng bansa. Noong 2019, nasa 1.77 milyon sa halos 2.6 milyong sahurang babaeng manggagawa ang nasa CALABARZON. Ang iba ay nasa impormal na sektor, kulang sa trabaho at hindi regular ang kita.

**Pasanin ng inang manggagawa**

"Mahirap ang buhay bilang nanay at isang manggagawa. Alas-4 ng umaga, gigising na ako para magluto ng pambaon ng bata, saka ako maghahanda para sa trabaho. Pagkatapos magtrabaho, pag-uwi sa bahay ay mag-aasikaso na ako at pilit pagkakasyahin ang kakarampot na kita naming mag-asawa," kwento ni Rosabel, 44, isang ina at manggagawa.

Nagtatrabaho si Rosabel bilang *machine operator* sa pagawaan ng kahon sa isang engklabo sa Cavite. Pitong taon na siya rito subalit kumikita lamang siya ng *minimum* na sahod na P429 kada araw. Ang mga kapwa niya manggagawa na lagpas sampung taon lamang ang pinagkalooban ng P450 kada araw na sahod. Nasa 130 manggagawa ang nagtatrabaho rito.

Bukod sa mababang sahod, dinaranas ni Rosabel at kapwa niya manggagawa ang kakulangan sa benepisyo at masahol na kalagayan sa paggawa. Inoobliga sila ng kapitalista na pumasok ng 10 minutong mas maaga bago ang simula ng trabaho. Pinagbabawalan silang magdala ng *cellphone* kaya kinakapkapan sila bago pumasok sa pabrika at ipinaiiwan ito sa *security guard.*

Sa oras ng trabaho, nalilimitahan silang umalis sa pwesto kahit na para pumunta sa kubeta o uminom ng tubig. Papayagan lamang sila kung naaabot na ang *quota* o *break time*. Idinadaing din nila ang kakulangan sa bentilasyon at pagpapabaya sa kanilang kalusugan. Napakainit sa loob ng pabrika kaya karaniwan na ang pag-aagawan ng mga manggagawa sa *electric fan.* Samantala, ang kanilang tubig na mula sa *water fountain* ay walang salaan. Para umiwas sa sakit, napipilitan ang mga manggagawa na bumili ng *mineral water* sa kainan sa loob ng pagawaan.

Ipinagkakait sa kanila ang benepisyong medikal. Hindi binibigyang konsiderasyon ang mga buntis. Ayon kay Angel, 37, nalilipat-lipat siya ng trabaho kahit buntis siya sa ngalan ng pagiging pleksible at pagtitipid sa tao. Napipilitan silang magbuhat nang mabigat at sapilitang pinag-o-*overtime*. Kapag hindi sila nakakasabay, pinagagalitan sila at sinasabihang mabagal at maarte.

Tinitiis itong lahat ng mga kababaihang manggagawa upang matustusan ang pang-araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya. Si Rosabel ay may apat na anak. Tatlo ang nag-aaral: isa sa kolehiyo, isang *senior high* at isang nasa elementarya. Umuupa siya ng P150/araw para may mag-alaga sa kanyang bunsong 2-taong gulang. Gumagastos din siya ng P90/araw sa pamasahe papasok ng pabrika.

Ani Rosabel, "Habang nasa pabrika, iniisip ko ang kalagayan ng mga anak ko lalo na kapag may sakit sila pero napipigilan akong lumiban sa trabaho dahil baka matanggal ako at kukulangin lalo ang sahod. Minsan kahit may nararamdaman ako ay pinipilit ko pa rin na pumasok. Sa sobrang pagod, naiisip ko nang mag-*resign* pero kung hindi pa rin ako magtatrabaho, paano na kami?"

**Itayo ang tunay, militanteng unyon**

Hindi lamang sina Rosabel at Angel ang nahihirapan sa kalagayan nila sa pabrika. Naghahangad silang magtayo ng unyon para makamit ang kanilang karapatan sa paggawa. Naglulunsad sila ng mga pag-aaral hanggang sa mabuo ang kanilang pagkakaisa. Nagbibigay ng ibayong kumpyansa ang kanilang mga pulong at pag-aaral upang mag-organisa ng kapwa nila aping manggagawa.

Ani Rosabel, "Ninanais naming maitayo ang aming unyon anuman ang gawin ng mga kapitalista. Pursigido kaming ipaglaban ang aming karapatan."

Dumaraming kababaihang manggagawa sa kanilang pagawaan ang umanib sa rebolusyonaryong kilusang lihim habang hakbang-hakbang na itinatayo ang kanilang unyon. Mula rito, nakatitiyak silang maipagwawagi ang kanilang laban para sa karapatan sa pag-uunyon hanggang sa pagkakamit ng iba pang karapatan at benepisyo sa paggawa. K

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Ano ang papel ng NDFP sa pambansa-demokratikong rebolusyon?

Ubos-kayang tinutupad ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang papel nito sa pambansa demokratikong rebolusyon na bagong tipo. Itinatanghal at isinusulong nito ang demokratikong rebolusyong bayan bilang sagot sa higit daantaong pagkaalipin ng mamamayang Pilipino sa imperyalismo, burukratang kapitalismo at katutubong pyudalismo. Instrumento ito ng mamamayan upang itatag ang binhi hanggang konsolidahin ang kanilang kapangyarihang pampulitika at itatag ang isang tunay na demokratikong gubyernong maglilingkod sa interes ng bayan. Ito ang dakilang tungkuling ginampanan at pinagpunyagian ng NDFP sa harap ng napakaraming hamon sa loob ng 50 taong pag-iral nito.

Ang NDFP ang tumatayong pinakakonsolidadong bahagi ng pambansang nagkakaisang prente na naniniwala at lumalahok sa pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Ito ay pormal na organisasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa sa buong bansa na nagsisilbing tagapamandila ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) at ng kumprehensibong programang tutugon sa pambansa-demokratikong kahilingan ng mamamayan. Lumalaban ito para magkaroon ng lupang bubungkalin ang mga magsasaka, sahod at trabaho para sa manggagawa at kumprehensibong programang panlipunan para sa kagalingan ng lahat ng uri at sektor. Ipinagtatanggol nito ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas laban sa imperyalismong US at China. Puspusan itong nagsusulong ng DRB upang ihanda ang rekisitos sa pagpupundar ng Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) sa pambansang saklaw sa panahon ng pagtatagumpay ng digmang bayan.

Itinayo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang NDFP para tugunan ang pangangailangan sa isang malakas na pambansang nagkakaisang prente na magiging ikatlong sandata ng nagrerebolusyong mamamayan, kasunod ng proletaryong pampulitikang Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB). Panimulang binalangkas at binuo ang NDFP ng piling kadre ng PKP at aktibistang makabayan sa hanay ng panggitnang pwersa noong 1971. Binalangkas ang 10-puntong gabay ng nagkakaisang prenteng ito para pagbuklurin ang mga aping uri. Panimula itong binuo noong Abril 24, 1973, ilang buwan matapos ideklara ang Batas Militar ni Ferdinand Marcos Sr. noong Setyembre 23, 1972. Nagsilbi itong balangkas ng nagkakaisang prente laban sa pasistang diktadura. Kinilala na, kalaunan, ang nabanggit na petsa noong Abril, bilang araw ng pagkakatatag ng NDFP. Pinangunahan ni Propesor Jose Maria Sison ang pagbubuo ng komisyon sa paghahanda ng NDFP sa gitna ng papasidhing atake ng diktadurang US-Marcos sa mga demokratikong pwersa.

Mula nang muling itatag ang PKP sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM), pinursigeng mabuo ang pambansang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Kagyat na inugnayan ng noo'y bagong tatag na PKP (MLM) ang mabubuting labi ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan at itinatag ang BHB sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido noong Marso 29, 1969. Sa pagkakatatag ng BHB at paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong organisasyon ng uring magsasaka, nagtagumpay na maitayo at mapalakas ang batayang alyansa ng uring manggagawa at uring magsasaka na pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Kung wala ang tiyak na makauring pamumuno ng manggagawa sa pamamagitan ng PKP, at walang




batayang alyansa ng manggagawa at magsasaka bilang pundasyon ng nagkakaisang prente, hindi makapagbubuo ng tunay na rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa bansa.

Matapos malupig ang unang partido komunista at malusaw ang armadong paglaban ng mamamayan sa ilalim ng mga Lava, inihudyat ng pagkakatatag ng Kabataang Makabayan (KM) noong 1964 ang muling pagkalat at pagsulong ng pambansa demokratikong pakikibaka sa bansa. Matalas na dinala ng KM ang panawagang pagsusulong ng bagong tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa inspirasyon ng matagumpay na digmang bayan at sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa China sa ilalim ng pamumuno ng dakilang Tagapangulong Mao Zedong. Nilaman ito ng mga lathalain ni Jose Maria Sison na siya ring Tagapangulong Tagapagtatag ng KM. Inilabas ang librong Makibaka para sa Pambansang Demokrasya na koleksyon ng mga lathalaing

pambansa demokratiko. Lalong lumaganap ang anti-imperyalista at antipyudal na linya sa hayag na kilusang masa nang maitayo ang Movement for the Advancement of Nationalism o MAN.

Nilikha ng lumalalang kronikong krisis ng sistemang mala-pyudal at mala-kolonyal ang kundisyon para lumaban at magkaisa ang mga manggagawa, magsasaka, petiburgesyang lunsod at pambansang burgesya. Pinalala ng diktadurang US-Marcos I ang krisis. Abot-langit ang pagsirit ng presyo ng mga bilihin habang hindi tumataas ang sahod. Tumindi ang monopolyong kontrol ng lokal na naghaharing uri at mga dayuhang kapitalista sa lupa at mga pambansang rekurso. Ganap na iwinaksi ang mga burges-demokratikong palamuti ng reaksyunaryong estado at pinakawalan ang walang kaparis na pasismo laban sa bayan. Napukaw ang mamamayan na maghimagsik at kumalat na parang apoy sa buong bayan ang panawagan para sa DRB.

Sa paglawak ng suporta para sa DRB, naging 12-puntong programa ang orihinal na 10-puntong programa ng NDFP noong Nobyembre 1977. Pinalawig ang programa ng NDFP para hamigin ang mas marami at mas malaking bahagi ng sambayanang Pilipino lalo ang mga pambansang minorya sa landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Tanda ito ng higit na pagpapalakas sa gitna ng mabilis na sumusulong na digmang bayan.

Katuwang ng PKP at BHB ang NDFP sa pagpapabagsak sa naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal at paghahawan ng landas tungong sosyalistang hinaharap. Sa partikular, tutulong ang NDFP sa pagtatatag ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika (ODKP). Ilalatag ng mga kumperensya at konseho ng NDFP ang mga rekisitos sa pagtatayo ng mga ODKP. Tutulong ito sa paglikha ng popular na partisipasyon at suporta sa digma, magrerekomenda ng mga kandidato sa katungkulan sa ODKP, at pag-aaral ng mga angkop na patakaran sa gubyernong bayan. Kahit mayroon nang gubyernong bayan, hiwalay pa ring gagampan ang NDFP bilang alyansa ng mga organisasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa.

> ***" Sa kasaysayan, naging tampok ang NDFP bilang kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan at gubyernong bayan sa pakikipagharap sa reaksyunaryo't papet na Government of the Republic of the Philippines (GRP) sa negosasyong pangkapayapaan. Sa mahusay na gabay ng PKP, binigo ng NDFP ang pakana ng kaaway na bitagin ang rebolusyonaryong kilusan sa kapitulasyon mula nang pormal na magbukas ang negosasyon noong rehimeng US-Ramos. "***

Nagsisilbing tinig ang NDFP ng alyadong mga organisasyon sa iba't ibang usaping pambansa at pandaigdigan. Matibay nitong pinanghawakan, ipinagtanggol at itinaguyod ang pundamental na mga pambansa at demokratikong karapatan at kapakanan ng sambayanang Pilipino. Nagbibigay inspirasyon ang NDFP sa mga hayag at lihim na organisasyong masa upang palakasin ang kani-kanilang pakikibaka laban sa imperyalismo at lokal na reaksyon. Aktibo ang NDFP sa pagpapahayag ng mga paninindigan at pagtingin nito hinggil sa mga tampok na usaping lokal, pambansa at maging sa ibayong dagat.

Tungkulin ng NDFP na iugnay ang rebolusyonaryong kilusan sa malawak na masa para malikha ang pinakamalawak na suporta sa armadong rebolusyon. Kailangan din nitong tumulong sa pag-ugnay at pagbubuo ng relasyong bilateral at multilateral sa iba pang pwersa sa loob at labas ng bansa. Nagsasagawa din ito ng proto-diplomatiko at diplomatikong pakikipagrelasyon sa mga dayuhang gubyerno sa labas ng bansa upang isulong ang interes ng demokratikong gubyernong bayan at rebolusyong Pilipino.

Sa kasaysayan, naging tampok ang NDFP bilang kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan at gubyernong bayan sa pakikipagharap sa reaksyunaryo't papet na Government of the Republic of the Philippines (GRP) sa negosasyong pangkapayapaan. Sa mahusay na gabay ng PKP, binigo ng NDFP ang pakana ng kaaway na bitagin ang rebolusyonaryong kilusan sa kapitulasyon mula nang pormal na magbukas ang negosasyon noong rehimeng US-Ramos. Kinukundena ng NDFP ang GRP sa pagtataguyod nito sa marahas na patakarang pasipikasyon at paglabag sa mga napagtagumpayan nang kasunduan sa negosasyong pangkapayapaan kung saan pinakatampok ang The Hague Joint Declaration of 1992, Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees ng 1995 at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law ng 1998. Samantala, nananatiling laging bukas ang NDFP sa negosasyong pangkapayapaan sa mga nagdaang rehimen.

Naninindigan din ang NDFP na anumang negosasyong pangkapayapaan ay dapat idaos sa labas ng bansa at may tagapamagitan na ikatlong partido na isang estado o isang ahensyang sumasaklaw sa iba't ibang estado. Sa gayon, nasa pusisyon ang NDFP na makipag-ugnayan sa iba't ibang gubyerno. Mayroon nang mga bansa at internasyunal na organisasyon at institusyon na kumikilala sa NDFP at sa taglay nitong *status of belligerency* o katayuan bilang isang lehitimong pwersang nakikidigma na may

sariling kapangyarihang pampulitika, hukbo at tiyak na teritoryo. Sa ganito pa lamang, walang batayan ang itim na propaganda ng reaksyunaryong gubyerno at AFP-PNP na "terorista" ang NDFP gayundin ang PKP-BHB.

Laging inililinaw ng NDFP na huwad ang islogang kapayapaan ng GRP hangga't patuloy ang pang-aapi ng imperyalismo, panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador sa mamamayang Pilipino. Naninindigan ang NDFP na para makamit ng bayan ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan, kailangang ipagtagumpay ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya ayon sa pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon. Nasa puso ng programa ng DRB ang pagpapalaya sa bansa sa pamamagitan ng pagwawakas sa kontrol ng imperyalismong US, pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa upang ipagkaloob sa masang magsasaka—ang pinakamalaking bilang ng mamamayang Pilipino—ang matagal na nilang lehitimo't makatarungang kahilingan at isakatuparan ang pambansang industriyalisasyon upang paunlarin nang sistematiko't balansyado ang magaan, medyo magaan at mabigat na mga industriya habang pinapangalagaan ang kapaligiran.

Tinatanaw ng NDFP kasama ng buong sambayanang Pilipino ang tiyak na pagtatagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon. Patuloy na tutupdin ng NDFP ang tungkulin nito na ibayong pagkaisahin ang malawak na hanay ng mamamayan para gapiin ang sandakot na imbing naghaharing uri at itayo ang isang tunay na gubyernong kumakatawan sa pambansa-demokratikong interes at mithiin ng sambayanang Pilipino.

*BANTAY KARAPATAN*

# Panggigipit sa mga lider-masang nakikibaka para sa lupa at karapatan sa Rizal

Kaliwa't kanan ang pang-aatake ng estado sa mga komunidad na lumalaban sa pangangamkam ng kanilang lupain sa Rizal.

Iniulat ng Karapatan-Rizal ang sumusunod na kaso ng paglabag:

**Iligal na pang-aaresto.** Sa mismong araw ng ikalawang anibersaryo ng Bloody Sunday Massacre, iligal na dinakip ng mga di nagpakilalang operatiba ng pulis si Arnel Buiza, bandang ala-una ng madaling araw, sa Sitio Tibagan, Brgy. Dolores, Taytay, Rizal. Si Buiza ay kilala sa kanilang komunidad bilang "Ka Kulet" dahil sa maliksi at palabiro niyang personalidad. Siya ay myembro ng Anakpawis-Rizal at *unit commander* ng Aksyon Disiplina Lunas ng Munisipyo ng Taytay.

Inakyat ng mga operatiba ang bakod at sinira ang pader ng bahay ni Buiza. Nakunan sa bidyo ang sapilitang pagkuha at pagkaladkad sa biktima. Ilang oras na hindi inilitaw ng PNP si Buiza. Natunton lamang siya sa pagtutulungan ng pamilya, barangay at grupong Karapatan at Anakpawis-Rizal. Natagpuan nila ang biktima sa CIDG Provincial Field Unit, Padilla, Antipolo City bandang alas-dose na ng tanghali. Nang iharap sa pamilya si Buiza ay mayroon siyang mga pasa sa pisngi at sugat sa ulo.

Sinampahan si Buiza ng mga gawa-gawang kaso at paglabag diumano sa Section 14 ng Anti-Terror Law at Attempted Homicide. Naganap ang mga ibinibintang na krimen noong 2021 sa Sorsogon. Ikinagulat ito ng kanyang pamilya sapagkat simula elementarya ay laking Taytay na si Arnel at imposibleng mapunta sa Sorsogon. Halos buong buhay ni Arnel ay inialay sa pag-oorganisa't pag-eeduka sa mga manggagawa at maralitang lungsod sa Taytay na inaagawan ng lupa at pinagbabantaan mawalan ng kabuhayan.

Ang Sityo Tibagan kung saan hinuli si Buiza ay isang maralitang komunidad na malakas ang paglaban sa demolisyon at aktibong nangampanya para sa Leni-Kiko at MAKABAYAN noong eleksyon 2022. Matapos ang eleksyon, dumami ang presensya ng 80th IBPA rito. Naglulunsad ng *retooled community support program operation* ang mga berdugo kung saan regular ang pagroronda, *profiling*, paniniktiktik at *red-tagging*. Sa ngayon ay nakabase ang mga militar sa sityo kahit labag ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law.

**Pagbabanta, panghaharas at intimidasyon.** Sa Sitio Sumilang, Brgy. San Jose, Antipolo City, pinasok ang bahay at pinagbantaan ng dalawang elemento ng PNP-Baras si Roberto Marquez at ang kanyang pamilya. Simula Marso 2-5, pinupuntahan ng dalawang pulis sa bahay at pook-trabaho si Marquez na isang manggagawa. Nagpakilala ang isa bilang Capt. Abcede, samantalang hindi nagpakilala ang isa pa.

Kahit na walang ipiniprisintang *warrant of arrest*, pinilit ni Capt. Abcede na sumama si Marquez sa kanila. Tinatakot ng mga pulis ang pamilya ni Marquez at nag-iwan ng isang *cellphone* at P500 sa menor de edad na anak. Nagpakita rin ang mga pulis ng litrato ng mag-anak na hindi alam ng pamilya Marquez paano nila nakuha.

Ayon sa mga pulis, mino*monitor* nila ang lahat ng galaw ng pamilya Marquez. Alam kung saan nag-aaral ang lahat ng kanilang anak at alam

lahat ng kanilang pinupuntahan. Samantala, tuloy ang presensya ng mga unipormado at nakasibilyang pulis sa kanilang paligid.

Nagpa-*blotter* na sa Brgy. San Jose ang pamilya ni Marquez, ngunit hindi maialis sa kanila ang takot at pangamba sa kung anong maaring gawin ng mga pulis sa kanila. Hindi na rin pinapasok sa eskwelahan ang kanyang mga anak, dala ng pag-aalala sa kanilang kaligtasan.

Sina Marquez at kanyang pamilya ay nakatira sa Sityo Sumilang kung saan may kasong agraryo sa pagitan ng mga residente at mangangamgkam ng lupa na si Sandra Rovero-Cox na nasa likod ng *developer* na Rapid City. Ilang dekada nang ipinaglalaban ng mga residente ng Sityo Sumilang ang kanilang lupa laban kay Rovero-Cox. Iligal na binakuran ng mga tauhan ng Rapid City ang lupang taniman ng mga taga-Sityo Sumilang, kaya't napilitan ang mga magsasaka na magtrabaho sa mga pagawaan at konstruksyon. Nakatiwangwang na ngayon ang dating produktibong lupain.

Noon namang Pebrero 12, 8:30 ng umaga, iligal na pumasok at nangharas ang mga armadong *goons* sa bahay ng isa pang magsasaka sa Antipolo City.

Sapilitang pinasok at hinaras ng anim na pribadong *goons* ang bahay ng miyembro ng Pagkakaisa at Bukluran ng mga Magsasaka sa Nagpatong, Inc. sa Sitio Nagpatong, Brgy. San Jose, Antipolo City. Nagpakilala ang mga armadong *goons* bilang mga tauhan ng Rapid City at nagdeklara sa magsasaka na sakop ang kanilang lupa ni Rovero-Cox.

Ang naturang lupa ay katabi ng inaagaw ding lupain sa Sitio Sumilang. Iginiit ng lokal na samahan na ang kinakamkam sa kanilang lupa ay hiwalay at may nagpapatuloy na kaso sa lupa na nakasampa sa Department of Agrarian Reform (DAR) laban sa mag-anak na Gatlabayan.

Matagal nang ipinaglalaban ng Sitio Nagpatong ang kanilang 24-ektaryang lupang sinasaka laban sa pamilyang Gatlabayan. Naglagay ng *gate* ang mga Gatlabayan papasok sa pinag-aagawang lupa at pinwestuhan ng mga gwardya. Pinipigilan ang mga magsasaka na magpasok ng mga materyales at maglabas ng produkto. Kasalukuyang may reklamo ang samahan sa DAR laban sa mga Gatlabayan. K

*KILOS PROTESTA*



# Ikalawang taon ng Bloody Sunday Massacre, sinalubong ng protesta

Nagsagawa ng kilos protesta ang mahigit 100 kasapi ng iba't ibang organisasyon sa pamumuno ng Defend-ST at Karapatan Southern Tagalog kasama ang mga kaanak ng mga biktima ng Bloody Sunday Massacre sa ikalawang taong paggunita nito upang patuloy na isigaw at igiit ang katarungan.

Matatandaang noong Marso 7, 2021, isinagawa ng PNP-CALABARZON COPLAN ASVAL kung saan karumaldumal na pinaslang ang siyam na mga lider at aktibista at inaresto ang anim na iba pa sa Cavite, Laguna, Batangas at Rizal. Hanggang ngayon, wala pang naparurusahan sa mga pagpatay at nakapiit pa rin ang anim na aktibistang iligal na inaresto.

Nagprotesta ang mga kaanak ng mga biktima at grupong makatao sa harap ng Department of Justice (DOJ) upang singilin ang ahensya sa pagkakait ng hustisya sa mga biktima matapos na iabswelto nito ang 17 pulis na salarin sa pamamaslang kay Emmanuel "Ka Manny" Asuncion. Tinuligsa nila ang mabagal na pagtugon ng ahensya sa inihain ni Liezel Asuncion, ang asawa ng biktimang si Ka Manny, na *motion for reconsideration* hinggil sa pagbasura ng DOJ sa kasong *murder* laban sa 17 pulis na kinasuhan sa pagpatay kay Manny. Sa halip na patas na mag-imbestiga ang DOJ sa bisa ng inilabas nitong Administrative Order 35 ay nanatiling mailap ang hustisya kaya't wala pa ring usad ang pagpaparusa sa mga nasasakdal makalipas ang dalawang taon.




Matapos nito ay tumungo ang grupo sa opisina ng National Intelligence Coordinating Ageny upang ipanawagan ang pagbuwag sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Isinasapeligro ng NTF-ELCAC ang buhay ng mga aktibista at mga ligal na organisasyon sa pamamagitan pang-reredtag nito. Ipinanawagan din nila na ibalik ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP at tugunan ang ugat ng armadong tunggalian sa halip na supilin ang karapatan ng mamamayang nakikibaka. K

# SI KA JOMA
## AT ANG ARMADONG PAKIKIBAKA



### Tagapangulo ng Komite Sentral at Komisyong Militar

(sa panahon ng muling pagtatatag) pinangunahan niya ang proseso ng pagtatakda ng mga patakaran, estratehiya at taktika ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

### Marso 29, 1969

Itinayo ng PKP sa pamumuno ni Amado Guerrero ang NPA kasama ang 65 mandirigma sa pamumuno ni Kumander Dante at pinasimulan ang armadong pakikibaka sa buong kapuluan.



Isinulat niya noong 1974 ang Partikular na Katangian ng ating Digmang Bayan (PKDB) at noong 1976 ang Mahigpit Nating mga Tungkulin (MNT) na naglalaman ng mga aral sa unang limang taon ng armadong pakikibaka sa pamumuno ng PKP at tinukoy ang mga taktika at kaparanan sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa isang pulu-pulong kalupaan.


### Pistola/Handgun at Riple

karaniwang baril na iniisyu kay Ka Joma nang siya ay nasa Hukbo.



### Tarlac, Isabela, Pampanga at Bataan

Sa mga unang taon ng BHB, nakasama si Ka Joma ng mga yunit ng Hukbo sa mga probinsyang ito sa matagumpay na pagharap at pagbigo sa kampanyang pagkubkob at pagdurog ng kaaway sa unang mga taon ng pagtatatag ng Partido at BHB.



Nang siya ay nasa kolehiyo, isang mahusay na marksman si Ka Joma gamit ang Garand at Browning *automatic rifle* sa panahon ng pagsasanay sa ROTC bilang isang *artilleryman.*

Pinangunahan ni Ka Joma ang paglulunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992 at tinanganan nang mahigpit ang pagsusulong ng armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan.

Pinamunuan ni Ka Joma ang reyd sa Philippine Military Academy noong 1970 kung saan nakasamsam ang NPA ng mga riple at masinggan.

Pinangunahan ni Ka Joma ang International Seminar on People's War noong 1998 na nagbalangkas at nagpatibay sa isang pangkalahatang deklarasyon hinggil sa digmang bayan. Idinidiin ng deklarasyon ang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan saanman sa mga bayang kolonya, malakolonya, pyudal at malapyudal na saklot ng imperyalismo, dapat pamunuan ng mga Marxista-Leninistang Partido ang gayong rebolusyon.



# Mga aksyong militar sa Timog Katagalugan, binigwasan ang AFP-PNP

Pulang pagpupugay ang ipinaabot ng Melito Glor Command (MGC) - BHB TK sa mga Pulang kumander at mandirigma sa rehiyon na naglunsad ng matatagumpay na aksyong militar laban sa AFP-PNP. Binigwasan nito ang pasistang AFP-PNP na nagtamo ng siyam na patay habang walang pinsalang natamo ang magigiting na Pulang yunit ng BHB.

Dalawang magkasunod na opensiba ang inilunsad ng Narciso Antazo Aramil Command - BHB Rizal noong Marso 31 at Abril 1 sa bayan ng Rodriguez. Tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong 80th IBPA sa Sityo Karayupa, Brgy. San Rafael noong Marso 31, bandang 8:40 ng umaga. Nagresulta ito sa isang kaswalti sa hanay ng kaaway. Tagumpay rin ang aktibong pagdepensa ng isang yunit ng BHB Rizal laban sa pinagsanib na pwersa ng 2nd Infantry Division at 7th IBPA sa Sityo Makopoy, Brgy. Mascap noong Abril 1, 5:00 ng hapon. Dalawa ang naiulat na patay sa hanay ng pasistang pwersa habang walang kaswalti sa hanay ng BHB.

Sa Quezon, naglunsad ng dagliang ambus ang isang yunit Apolonio Mendoza Command - BHB Quezon laban sa nag-ooperasyong 85th IBPA sa Brgy. Vista Hermosa, Macalelon noong Marso 24. Nakatamo ang mga berdugo ng dalawang pinsala habang ligtas na nakamaniobra ang magiting na Pulang hukbo.

Noon namang Marso 15, ganap na 2:30 ng hapon, aktibong nagdepensa ang isang yunit ng Lucio de Guzman Command - BHB Mindoro laban sa isang platun ng 10th Special Action Battalion ng PNP sa Sityo Naksib, Brgy. Sta. Cruz, Bongabong, Oriental Mindoro. Apat ang napaslang at tatlo ang sugatan sa hanay ng mga pasista.

Pinasusubalian ng mga opensiba ng MGC sa palalong kaaway ang kasinungalingang inihahasik ng Southern Luzon Command (SOLCOM) na iilan na lamang ang mga larangang gerilya sa Timog Katagalugan. Ang mga lugar ng labanan sa Quezon at Rizal ay pawang mga tinukoy ng AFP-PNP bilang *"insurgency-free"* sa rehiyon.

"Naging matagumpay ang mga aksyong militar ng BHB laban sa AFP-PNP dahil sa mataas na rebolusyonaryong diwa ng BHB na tanganan ang opensibang postura sa gitna ng pinaiigting na pasistang atake ng estado sa bayan. Gayundin, tinatamasa nila ang walang hanggang suporta ng malawak na inaapi at pinagsasamantalahang sambayanan na namumuhi at lumalaban sa teroristang estado," pahayag ni Armando Cienfuego, tagapagsalita ng MGC-BHB TK.

Nangako ang MGC-BHB TK na pag-iibayuhin pa ng mga yunit ng Pulang hukbo sa rehiyon ang mga taktikal na opensiba upang patamaan ang lumalaking ulo ng AFP-PNP. "Agawin ang mga armas ng mga pasista at itutok sa bulok, papet, pasista at inutil na rehimeng US-Marcos-Duterte!," panawagan ni Cienfuego. K

PAHAYAG

# Suportahan ang pakikibaka ng mga drayber at maliliit na opereytor para sa kanilang karapatan sa kabuhayan!

*Marso 6, 2023*
*Patnubay de Guia*
*Tagapagsalita, National Democratic Front of the Philippines - Southern Tagalog*

Binabati ng NDFP-ST sampu ng rebolusyonaryong mamamayan sa rehiyon ang mga drayber at maliliit na opereytor na naglulunsad ng pambansang *transport strike* ngayong araw hanggang Marso 12 bilang protesta sa iniraratsadang PUV *modernization* ng ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte. Dapat suportahan ng mamamayan ang kanilang pakikibaka para sa kabuhayan at mas maayos na pangmasang transportasyon na pakikinabangan ng taumbayan.

Ngayong araw, Marso 6, malaking tagumpay ang nakamit sa tigil pasada sa mga mayor na kalsada dito sa TK. Batay sa ulat, 70-100% ang inabot ng paralisasyon ng biyahe sa mga probinsya ng Cavite, Laguna at Rizal. Wala nang biyahe sa rutang Zapote-Paliparan sa Bacoor, Cavite, ganundin sa Balibago Complex-Alabang at Pulo, Calamba, Laguna. Malakas itong pagrerehistro ng pagtutol ng mga drayber at opereytor sa imbing pakanang i-*phase out* ang mga *jeep* at UV Express upang madaling ipagkaloob sa malalaking burgesya ang sektor ng pangmasang pampublikong transportasyon. Makatwiran din ang *strike* para tawagin ang atensyon ng publiko sa sumasahol na kalagayan sa kabuhayan ng mga drayber at maliliit na opereytor.

Wastong mag-*strike* dahil ang isinusubong modernisasyon ng mga *jeep,* na nagsimula noon pang tiranikong rehimeng Duterte, ay hahantong sa pagkawala ng

hanapbuhay ng 330,000 drayber at 20,000 maliliit na opereytor sa bansa. Ngayon pa lamang ay inuutusan na ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board ang mga opereytor na mag-*consolidate* o mag-sanib-sanib bilang paghahanda sa modernisasyon. Mangangailangan ang mga bagong itatayong "korporasyon" o kooperatiba ng pinakamababang 15 pirasong bagong sasakyan para bigyan ng prangkisa. Nagkakahalaga ang mga bagong modernong sasakyan ng tumataginting na P2.4-2.8 milyon bawat isa. Bukod dito, pinapapasok din ang mga drayber at opereytor sa Fleet Management System kung saan mapapailalim sila sa kontrol ng malalaking pribadong kumpanya sa transportasyon.

Hindi kaya ng mga drayber at maliliit na opereytor ang ganitong kamahal na kakailanganing puhunan para makasabay sa modernisasyon. Ang mapapasubo sa pagmomodernisa ay magpapailalim sa *financing* at malamang na malulubog sa utang sa taas ng buwanang bayarin.

Napakamapang-api na itulak ang ganitong iskema sa ganitong kalagayan na bagsak na bagsak ang kabuhayan ng mga drayber at iba pang sektor sa lipunang Pilipino. Napakalaki nang ibinagsak ng kanilang kita mula nang pumutok ang pandemyang COVID-19 at bunsod ng walang awat na pagsirit ng presyo ng produktong petrolyo. Sa panayam, nasa 1/3 na lamang ang kita ng mga drayber ngayon kumpara sa panahon bago ang pandemya. Ang lumiliit nilang kita ay mawawala nang tuluyan kapag ipinatupad ang modernisasyon at ipinagbawal ang pagbibiyahe ng mga binansagang "luma't tradisyunal" na mga *jeep*.


Kontra-mamamayan ang pagtutulak ng reaksyunaryong gubyerno sa planong modernisasyon ng mga *jeep*. Inilalako nito sa publikong mananakay ang pakana bilang solusyon sa "palyado, madumi at lumang" moda ng transportasyon sa bansa habang sinisiraan ang mga drayber at opereytor na mga mayor na pwersa sa mura, pangmasa at pampublikong transportasyon. Tinatawag ng gubyernong Marcos ang *strike* na panggugulo. Tinatakot din ang mga lalahok sa *strike* na papatawan ng multa o di kaya'y kakasuhan. Dapat kundenahin si Sara Duterte-Carpio na tahasang nangre*red-tag* sa mga lumahok sa *strike* at gumagamit sa kanyang posisyon sa DepEd para idemonisa ang mga drayber. Pinagsasabong ni Duterte-Carpio ang kapakanan ng mga estudyante at mga drayber sa pagtatangkang lasunin ang utak ng publiko laban sa huli. Tunay siyang nalalantad bilang sagadsaring pasista at kalaban ng mahihirap!

Malaki ring kasinungalingan ang ipinapakalat ng estado na tutol ang mga nag-*strike* na drayber at maliliit na opereytor sa pagmomodernisa at pagpapaunlad ng pampublikong transportasyon. Sila mismo'y naghahangad ng mas maayos na sistema ng transportasyon lalo sa mga lungsod dahil bentahe ito sa kanila. Kung tutuusin, ang pagdausdos ng kanilang kabuhayan at pagkabulok ng transportasyon ay resulta na rin ng pagpapabaya ng gubyerno sa transportasyon kasama na ng pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran partikular sa industriya ng langis at enerhiya. Binabaluktot lamang ng rehimeng Marcos-Duterte ang katotohanan para pagtakpan ang kabulukan ng estado at bigyang matwid ang anti-mahirap na programang modernisasyon.

Sa huli, walang katuturan ang itim na propaganda ng ilehitimong rehimen dahil batid ng mamamayang Pilipino kung gaano kalupit ang lantarang pang-aatake sa kabuhayan ng mga drayber at maliliit at opereytor. Hindi rin basta malilinlang ang publiko na mas mahusay ang ipinapanukalang bagong sistema lalo't lumalabas sa mga pag-aaral na maaaring umabot ng P25 hanggang P40 ang pamasahe. Dagdag na pabigat ito sa pasanin sa masang Pilipino lalo ngayong umaabot sa 8.7% ang implasyon at nakapako ang sahod sa mababang halaga.

Dahil wasto at matibay ang batayan ng kanilang pagtutol at determinadong pagpoprotesta, napukaw at inani ng mga drayber at maliliit na opereytor ang suporta ng mamamayan. Nagawa rin nilang makabig ang ilang pulitiko at nagkamit ng tagumpay sa pagpapaatras sa *deadline* ng pagpapatupad ng modernisasyon mula Hunyo 30 tungong Disyembre 31. Pinasusubalian nito ang mga palabas ng reaksyunaryong gubyerno na nahihiwalay ang mga drayber na tutol sa modernisasyon. Katunayan, hayagang sumusuporta sa *strike* ang mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, mga propesyunal, ilang akademiko at mga tunay na lingkod-bayan. Hanggang sa *social media*, dumadagundong ang suporta para sa *transport strike.*

Kailangang magtuluy-tuloy ang kilusang masa sa hanay ng mga drayber at maliliit na opereytor para tuluyang maibasura ang pahirap na modernisasyon ng mga *jeep*. Dapat patuloy silang magkaisa at magpalawak para sa matagalang labang ito. Kailangan ding lumawak pa ang suporta sa kanila ng mamamayan bilang pananggalang sa pang-aatake ng pasistang estado. Magkakaugnay-ugnay ang pakikibaka ng masa para sa karapatan at kabuhayan, kaya't ang laban ng sektor ng transportasyon ay laban ng buong bayan. K




MABUHAY ANG BHB
SA IKA - 54 NA
ANNIBERSARYO !
BHB
AKATARUNGANG
GREBOLUSYON
MAPI SA NPA!
LUMABA
PARA MAGT
BAGONG
HUKBONG
BAYAN
MABUHAY ang
NPA
54
SUMAPI SA NPA! -KM LAGUNA
BHB
VIVA
NPA
RCTU-ST